

**TINIPONG PAHAYAG NG
National Democratic Front-Bikol (NDF-
Bikol)**

at

**Romulo Jallores Command
Bagong Hukbong Bayan-Bikol
(RJC BHB-Bikol)**

Agosto 2019



Ang mga pahayag ng NDF-Bikol, RJC BHB-Bikol at ng iba pang mga kumad ng BHB sa rehiyon ay maaaring i-download mula sa sumusunod na website:

a. Philippine Revolution Web Central -

(www.philippinerevolution.info)

b. Silyab Yandex Disk

(www.yandex.disk/silyabbikol1976)

c. National Democratic Front-Bikol Information Office-

(www.yandex.disk/ndfp73bikol)

Hinggil sa Pangingkil ng mga Impostor sa Villa Karangahan, San Felipe, Naga City

Ka Raymundo Buenfuerza

Tagapagsalita, Romulo Jallores Command BHB-Bikol

Agosto 6, 2019

Mga impostor ng BHB ang may kagagawan ng pangingkil sa Villa Karangahan, San Felipe, Naga City. Walang ibang layunin ang ganitong modus kung hindi manghuthot ng pera mula sa masa, takutin sila habang sinisiraan ang pangalan ng BHB.

Makatarungan at nakabatay sa pagsusuri sa uri ang pagpapatupad ng rebolusyonaryong pagbubuwis. Tinitiyak ng mga kasamang pormal na makakausap ang mga nagbabayad ng

rebolusyonaryong buwis nang sa gayon ay maipunawa ang kabuluhan ng kanilang pag-ambag sa demokratikong gubyernong bayan. Hindi ito idinadaan sa pakikipag-ugnayan sa text, Smart padala at iba pang kahalintulad na impormal na pamamaraan.

Gayundin, palagiang tinitiyak ng mga kasama ang seguridad ng mga entidad na inuugnayan nito.

Red-tagging sa Anakbayan, Panunupil ng Diwang Makabayan ng Kabataan

Kabataang Makabayan-Bikol

Agosto 12, 2019

Ang red tagging at panunugis ni Bato dela Rosa sa Anakbayan, isang lehitimong organisasyon ng mga kabataan, ay bahagi ng sistematikong saywar ng rehimeng US-Duterte upang apulahin ang diwang makabayan ng kabataang Pilipino. Linalayon nitong bigyang tuntungan ang pasismo ng estado laban sa mga kasapi ng mga progresibong samahan ng kabataang mapagpasyang nakikibaka para sa tunay na kalayaan, katarungan at demokrasya.

Ipinipinta ng rehimeng US-Duterte na ang banta ng aktibismo at pagiging makabayan ay katumbas ng komunismo at terorismo. Ipinuhunan ni Bato sa Senado ang likas na pag-aalala ng mga magulang ng ilang mga kasapi ng Anakbayan upang patampukin ang bangungot ng pagsapi ng mga kabataang aktibista sa Bagong Hukbong Bayan.

Ilang taon nang ilinalatag ang makinarya para sa pasistang diktadura sa bansa at walang lubay ang karahasan, kalupitan at terorismo ng estado laban sa mamamayan. Papisidhi ang hambalos ng krisis na dulot ng dayuhang pandarambong at paglapastangan sa patrimonya ng bansa. Sa panahong kailangang tumindig para sa soberanya ng bansa, pinili ni Duterte na manikluhod sa Tsina at US.

Natatakot ang rehimen sa sandaling panghawakan ng kabataan ang kaniyang likas at mapagpasyang papel sa pagbabago ng kasaysayan at piliin niyang tahakin ang landas na binaybay ng lahat ng mga makabayan. Simula sa kilusang pagpapalaya laban sa mga Espanyol, pagharap sa pananakop ng Hapon at sa nagpapatuloy na pakikibaka laban sa imperyalistang paghahari ng US, nagniningas ang diwang makabayan ng kabataang Pilipino. Anong lakas ang ipantatapat ng isang papet na rehimen sa salinlahi ng mamamayang inarman ng prinsipyo't syensya ng daang taong pagbabalikwas?

Sinusubukang ipaling ng rehimeng US-Duterte ang lakas ng kabataan sa pamamagitan ng pagbabalik ng sapilitang pagsasanay-militar sa ilalim ng ROTC. Ninais nitong hulmahin ang kabataan sa kultura ng karahasan at kalupitan ng AFP-PNP-CAFGU. Itutulak nito ang kabataang talikuran ang kanilang likas na potensyal sa pagbabago ng lipunan at sa halip ay magtago sa anino ng mga mersenaryong kumander.

Ngunit likas ding mapanuri at mapagbantay ang kabataan. Walang anak ng bayan ang tatalikod sa makatarungang pagtatanggol sa kanyang Inang Bayan. Marapat na manginig ang lahat ng naghaharing-uri na ipinagkanulo ang Inang Bayan para magkamal ng yaman at kapangyarihan. Hindi matitinag ang bagong henerasyon ng mga Pilipino sa

paniningil sa lahat ng krimen laban sa bayan at mamamayan.

Ibinibigay ng NDF-Bikol ang pinakamataas na pagpupugay sa mga kabataan at estudyanteng

patuloy na lumalaban para sa interes ng inaapi at pinagsasamantalahan. Kayong mga tunay na pag-asa ng bayan ang magpapatuloy sa makatwiran at makatarungang pakikibaka ng mamamayan para sa katarungan, kalayaan at demokrasya.

Hinggil sa Kaso ng Panunupil ng Makabayang Diwa ng Kabataang Pilipino

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Agosto 12, 2019

Madali lamang masipat ang tunay na layunin ng pangkating Duterte sa pagpapalobo ng napabalitang kaso ng paglapit ng ilang mga magulang na nangangamba para sa kapakanan ng kanilang mga anak. Sadyang piniling patampukin sa midya ang naturang kaso upang hulmahin ang upinyong publiko at tusong mailusot ang higit pang panunupil sa mamamayan.

Kung tunay ngang may malasakit ang rehimeng US-Duterte sa magulang ng mga kabataang Pilipino, ano't walang katumbas na Senate Hearing para kina Cris Hugo at ilan pang libong kabataang aktibistang biktima ng sapilitang pagkawala, pandurukot at pamamaslang ng mga elemento ng militar at pulis? Ano't walang napapanagot sa mga kaso ng pamamaslang ng militar at pulis tulad ng masaker sa magkapatid na Reden at Rehelene Luna, 7 at 9 taong gulang, sa Masbate? Ano't tumatanggi pa nga ang gubyernong imbestigahan ang mga paglabag sa karapatang-tao kung saan ilang daang libong bata at kabataan ang naantala ang pag-aaral, biktima ng dislokasyon, nawalan ng magulang at kinabukasan dahil sa matinding militarisasyon?

Malinaw na sinunggaban lamang ng rehimeng US-Duterte ang pagkakataon upang bigyang-matwid ang pagbawi sa mga dati nang tagumpay ng sambayanang Pilipino sa pagtatanggol ng kanilang mga karapatan at kalayaang-sibil. Sa pamamagitan ng ala-Marcos na estilong paninira, malawakang crackdown at kriminalisasyon ng makabayang diwa ng mamamayan, higit na pinapadulas ng pangkating Duterte ang muling pagpapataw ng isang ganap na pasistang diktadura hindi kaiba sa Batas Militar noong 1972.

Ipinahayag na ni DILG Sec. Eduardo Año ang planong gumawa ng kasunduang magpapahintulot sa presensya ng pulis at militar sa mga eskwelahan at pamantasan. Gayundin, pinaingay ng kampo ni Duterte ang kawastuhan ng pagpapasa ng batas sa pagbabalik ng mandatory ROTC. Hindi nakapagtataka kung ang sunod na hakbangin ng rehimeng US-Duterte ay ang tuluyang pagbabawal sa mga progresibong organisasyon at ang lantarang pagtugis sa mga kasapi nito. Ito rin ang ginawa noon ng diktador na si Marcos bilang paghahanda sa pagpapataw ng Batas Militar.

Ngunit hindi mangmang ang kabataan at ang kanilang mga magulang. Alam nilang higit na mapanganib ang isang lipunang kinukubabawan ng pasismo at terorismo ng estado. Isang lipunan kung saan pinapalakpakan pa ang dami ng napaslang at malayang nagagamit ng pulis at militar ang karahasan laban sa sinuman – bata, matanda, may kakayahang lumaban o wala.

Higit na nanaisin ng mga magulang na piliin ng kanilang mga anak ang paglaban para sa interes ng nakararami kaysa manatiling tahimik o kaya ay hubuging bahagi ng mersenaryong hukbong nagtatanggol sa interes ng mapagsamantalang uri. Mulat ang kabataang hindi kailanman magiging mali ang paglaban sa isang bulok at mapagsamantalang sistema. Kung piliin man nila ang landas ng armadong pakikibaka, laging bukas ang pintuan ng rebolusyonaryong kilusan sa pagsalubong sa bagong henerasyong magpapatuloy sa pagkamit ng tagumpay ng rebolusyong Pilipino.

Rebolusyong Pilipino: Wasto, Makatarungan at Karapatan ng Mamamayan

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Agosto 13, 2019

Pinuprotektahan at kinikilala ng mga pandaigdigang batas ang lakas at kapasyahan ng mamamayang pabagsakin ang isang tiraniko't mapanupil na estado. Sa pagtindi ng pasistang atake ng rehimeng US-Duterte, lubos na yinuyurakan ang demokratikong karapatan ng mamamayan na buong lakas na lumalaban at papanagutin ang isang reaksyunaryong estado. Samantalang nagpapasasa ang mga nasa poder sa pangungurakot sa kabang-bayan, pagbebenta ng patrimonya ng bansa at sindikato ng iligal na droga at produkto, patuloy na nalulunod ang taumbayan sa paghihirap.

Sa ganitong sistema ng lipunan, sinong hindi magnanais na pumiglas at lumaban?

Ipinipinta ng sibilyang junta ni Duterte na mali, kriminal at walang katuturan ang anumang porma ng paglaban – parlamentaryo man o armado. Agresibong ilinunsad nito ang papatinding crackdown sa mga makabayan at progresibong organisasyon tulad ng Anakbayan, College Editors Guild of the Philippines (CEGP), Ibon Foundation, Kilusang Mayo Uno (KMU), Karapatan Alliance for the Advancement of Human Rights (Karapatan), Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at mga progresibong partylist tulad ng Bayan Muna, Gabriela at Kabataan. Nagbabadya ang pagsasa-iligal ng mga organisasyong ito. Itinuturing na terorista ang mga rebolusyonaryong organisasyon sa ilalim ng CPP-NPA-NDF at mga indibidwal na inuugnay dito. Ito rin ang mga naging hakbangin ng diktadurang Marcos sa ilalim ng higit isang dekadang Batas Militar sa bansa.

Ngunit huli na para piringan ang mamamayang Pilipinong mulat sa mga aral ng kasasaysayan at sariling karanasan ng kalupitan sa kamay ng reaksyunaryong estado. Sa gitna ng pagrerebolusyon ng mamamayang Pilipino, nabibigkis ang pinakamalawak na hanay ng mga kabataan, magsasaka, manggagawa, at iba pang aping sektor ng lipunan. Dito, sa rebolusyonaryong kilusan, ibayong napatitibay ng mamamayan ang kanilang kapasyahang aktibong kumilos para sa tunay na pagbabago ng lipunan.

Pinagpupugayan ng NDF-Bikol ang lahat ng mamamayang Pilipinong mapagpasyang tumahak at naninindigan sa kawastuhan ng pagrerebolusyon. Hindi kailanman bibitawan ng rebolusyonaryong kilusan ang pagkakaisa ng mga nagnanais magsulong at magpatuloy sa pakikibaka ng mamamayan para pabagsakin ang sistema ng pang-aapi at pagsasamantala sa lipunang Pilipino.

Ibagsak ang rehimeng US-Duterte!
Pagpupugay sa rebolusyong Pilipino!
Isulong ang digmang bayan hanggang ganap na tagumpay!

Ayon sa Universal Declaration of Human Rights 1948,

“it is essential, if man is not to be compelled to have recourse, as a last resort, to rebellion against tyranny & oppression, that human rights should be protected by the rule of law.” [GA. Res. 217A, at 135, U. N. Doc. A/810 (1948).]

Ayon pa sa Declaration Of The Independence Of Colonial Nations & Peoples” (Resolution 1514, XV, December 14, 1960:

“2. All peoples have the right of self-determination. They are free to politically determine the force of this right & to freely struggle for economic, social, & cultural development.
3. All armed actions & measures of repression, of any type whatsoever, against dependent peoples are to be halted in order to make it possible for them to peacefully & freely enjoy their right to full independence. “

Si Duterte at ang AFP-PNP-CAFGU Ang Dapat na Usigin at Papanagutin

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Agosto 13, 2019

Sa halip na tugisin ang mga kabataang mapagpasya't aktibong lumilikha ng pagbabago, marapat na usigin at papanagutin ang AFP-PNP-CAFGU at ang amo nitong rehimeng US-Duterte sa patung-patong na pasistang krimen laban sa mamamayan. Walang pagtatangi sa edad, propesyon, relihiyon at sektor na kinabibilangan ang mga biktima ng gera kontra-mamayan ng pasista't tiranikong estado.

Pinatay ng marahas at malupit na estado ang pangarap ng mga kabataan at kanilang magulang para sa isang malaya at magandang kinabukasan. May kaugnayan man o wala sa progresibong organisasyon, biktima ang kabataang sina Ryan Hubilla, tagapagtaguyod ng karapatang tao at Kian Delos Santos, naglalakad sa kalsada, ng ekstrahudisyal na pamamaslang. Sino ang dapat managot sa puu-puong buhay na hinusgahan at tinapos ng Oplan Tokhang? Sino ang kabi-kabilang tumatangging managot sa mga internasyunal na batas sa karapatang-tao at sa halip ay itinutulak ang

kultura ng karahasan at kalupitan at pagtalikod sa mga batayang moralidad ng pagiging isang tao?

Kamakailan, ilininaw ni Kabataan Party-list Rep. Sarah Elago na nangangamba para sa kanilang seguridad at buhay ang ilang kasapi ng Anakbayan dahil sa agresibong paniniktik ng mga ahente ng estado sa kanilang kaanak at kaibigan. Sinampahan ng gawa-gawang kaso ang ilang personalidad ng progresibong organisasyon sa rehiyon at pilit inuugnay sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa ganitong kalagayan, wasto, mulat at buong pasyang sumasalig ang mamamayan sa kanilang pinagkaisang lakas. Hindi mapipigilan ng panunupil at paninindak ng estado ang paghawan at pagtahak ng mga makabayan sa landas ng buong buhay na pakikibaka para sa katuparan hindi lang ng pangarap ng kani-kanilang mga pamilya, kundi ng libu-libo pang pamilyang naghahangad ng isang malaya at magandang bukas.

Pambobomba sa Lidong, Caramoan, Tuntungan para sa Pinatinding Atake ng RTFECI sa Rehiyong Bikol

Ka Raymundo Buenfuerza
Tagapagsalita, Romulo Jallores Command BHB-Bikol
Agosto 13, 2019

Tumitilaok na parang tandang si Maj. Ricky Anthony Aguilar sa paghahambog sa matagumpay diumanong operasyong militar para pigilan ang planong taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan kahapon, Agosto 13, alas-dos ng hapon sa Lidong, Caramoan. Sa loob ng isa't kalahating oras, isinagawa ng 83rd IB at Air Force of the Philippines ang pinakamagastos na moro-moro sa kasaysayan ng 9th ID ngayong taon. Daig pa ang pambiyernes na edisyon ng Ang Probinsyano ni Coco Martin, binomba ng helicopter at pinagbabaril ng mge elemento ng militar ang mahawang bulubundukin ng nasabing baryo—nang walang NPA na target sa lugar.

Iyan ba ang ipinagmamayabang nilang presisong operasyon, husay ng kagamitang militar at suporta ng masa? Saan magtatago ang walumpung pulang

mandirigma matapos ang pambobomba at pagpapaulan ng bala? Bakit bakas lamang ng dugo ang naiwan sa lugar gayong itinodo nila ang kanilang lakas militar?

Totoong sa bibig nahuhuli ang isda. Malinaw na ligalig at takot ang pangunahing tunguhin ng pahayag ni Aguilar upang bigyang matwid ang paglalalatag at pagpapatupad ng MO32 at E070 sa rehiyon.

Nananawagan ang TPC sa lahat ng kagawad ng midya at mga tagapagtaguyod ng karapatang tao na suportahan ang mga Caramoanon na ilabas sa madla ang tunay na pangyayari sa lugar upang mapapanagot ang 83rd IB at Air Force of the Philippines sa hatid nitong terorismo sa bayan ng Caramoan. Marapat na patanuyan ng lahat ng

bagong halal na lingkod bayan sa Caramoan at mga karatig bayan nito na ipagtanggol ang interes ng kanilang mga residente at pigilan ang malaganap na

pinsala sa buhay at kabuhayan ng sibilyang junta sa ilalim ng MO32 at EO70.

Aerial Bombing at Strafing sa Komunidad at mga Orkestradong Engkwentro, Bahagi ng Papasahol na Atake ng JTFB sa Masang Bikolano

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Agosto 14, 2019

Hindi maaaring palampasin ang papasahol na pang-aatake ng pwersa ng 83rd IBPA at Philippine Air Force sa ilalim ng 9th IDPA, katuwang ang iba pang ahensya sa ilalim ng Joint Task Force Bicolandia, laban sa masang Bikolano. Kahapon, napabalita naman ang kaso ng aerial bombing at strafing sa mga komunidad ng Brgy. Lidong, Caramoan na nagresulta sa pagkabulabog at sapilitang paglikas ng humigit-kumulang 200 pamilya. Muli nilang pinalalabas na mayroong engkwentro sa pagitan ng kanilang pwersa at yunit ng NPA gayong wala namang yunit ng NPA sa pinagbobomba at pinaulanan ng balang lugar.

Ito ang sadyang nakababahala sa mga operasyong militar ng 9th IDPA at JTFB sa kanilang pagpapatupad ng MO 32 at EO 70. Desperado na sila sa pagwawasiwas ng karahasan upang maging tuntungan ng militaristang paghahari at brasuhin ang mga lokal na gubyerno na sumunod sa balangkas ng pasistang diktadura sukat ang kasuhan at tugisin ang mga sibilyang walang kinalaman sa CPP-NPA-NDF. Handa silang pagbanggapin maging ang kanilang sariling pwersa para lamang palabasing may ibinubunga ang kanilang kampanya laban sa rebolusyonaryong kilusan at gatungan ang kanilang linilikhang larawan ng kaguluhan sa rehiyon.

Ngayon naman, sa kanilang paghahanda para sa engrandeng pagsalubong sa pulong ng Regional Development Council at Regional Peace and Order Council upang buhin ang Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict sa Agosto 19-20, gumagamit na sila ng mga sadyang mapangwasak na pamamaraan na walang pagtatangi sa sinuman ang maging biktima at palabasing NPA ang sanhi ng mga kaguluhan. Nagngangalit ang masang Bikolano sa kaliwa't kanang kaso ng paglabag sa karapatang-tao

at ekstra-hudisyal na pamamaslang ng mga elemento ng estado. Sukdulan na ang laglagan ng bomba at walang habas na paulanan ng bala ng masinggan mula sa helikopter, ganoon din ang pagpapasabog ng mga granada ng mga M203 at sadyang pagpapaputok ng mga armalite ng isang kumpanya ng 83rd IB sa naturang lugar na hindi kalayuan sa isang komunidad na wala namang yunit ng NPA. Matapos nito, nais pa nilang pagmukhaing mangmang ang masa sa pagpapalabas na magbibigay sila ng mabilis na ayuda na para bang sila pa ang tagapagligtas at dakila sa mata ng mga binomba nilang residente at diumano'y limang sugatan sa panig ng BHB.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mga lokal na yunit ng gubyerno, kagawad ng midya, tagapagtaguyod ng karapatang-tao, taong-simbahan, internasyunal na komunidad at lahat ng progresibo at makabayang pwersa na magkaisa at labanan ang papasahol na pang-aatake ng JTFB sa rehiyon. Hindi maaaring ipagkibit-balikat ang naturang insidente ng pambobomba sa tabing ng mga orkestradong engkwentro dahil magsisilbi itong sukatan ng militar kung hanggang saan nila maaaring isagad ang kanilang pasismo at terorismo laban sa mamamayan. Napakadali na para sa kanila na gawin atrasan ang ganitong kasinungalingan at palabasin na lamang na mayroong nakasagupang NPA bilang pagbibigay-matwid sa anumang tindi ng pandarahas nila sa masang Bikolano. Dapat gawin ng masang Bikolano ang lahat upang matuldukan na ang pananalasa ng JTFB at biguin ang kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte.

Hinggil sa Pagbubuo ng RTF sa Bikol

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Agosto 15, 2019

Marapat lamang na salubungin ng matinding protesta at paglaban ang pormal na pagbubuo sa Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF-ELCAC). Noong Agosto 19-20, pumunta sa rehiyon sina DILG Usec. for Peace and Order Bernardo Florence, Jr. at DICT Sec. Gringo Honasan upang pulungin ang humigit-kumulang 300 opisyal ng Regional Peace and Order Council (RPOC), Regional Development Council (RDC) at Joint Task Force Bicolandia (JTFB).

Ang pagbubuo ng RTF ay katumbas ng higit na masaklaw na pagkubabaw ng militar sa lahat ng aspeto ng sibilyang burukrasya at higit na mararahas at agresibong operasyong militar sa kanayunan at kalunsuran. Kinukumpleto ng RTF ang makinarya ng rehiyon para sa puspusang pagpapatupad ng EO 70 alinsunod sa estratehiyang Whole-of-Nation Approach (WONA) ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Ang RTF, JTFB at iba pang makinaryang nagpapatupad at nagtitiyak ng EO 70 sa rehiyon ay malinaw na tumatarget, hindi lamang sa rebolusyonaryong kilusan, kundi higit sa masa. Umabot na sa 43 ang sibilyang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang mula nang mabuo ang JTFB noong Hunyo 11, 2018. Kabilang dito ang siyam na kabataan, pitong nakatatanda, tatlong kapitan at tatlong kagawad. Nito lamang Hunyo, anim na katao ang pinaslang sa loob ng isang linggo. Kabilang dito sina Ryan Hubilla, isang senior high school student at Nelly Bagasala, isang senior citizen. Ang dalawa ay kapwa kilalang tagapagtaguyod ng karapatang-tao at kasapi ng Karapatan-Sorsogon. Si Hubilla ay tatayo sanang testigo para sa Writ of Amparo case na isinampa ng grupong Karapatan laban sa AFP.

Tuluy-tuloy din ang pambabraso sa mga opisyal ng lokal na yunit ng guberno na pumirma sa mga Memorandum of Understanding (MOU) na nagpapahintulot sa presensya ng militar sa mga baryo at iba pang sibilyang istruktura sa loob ng mga komunidad. Kasabay ng pinatinding abusong militar tulad ng hamletting, pagpapataw ng curfew, sapilitang pagtitipon sa mga taumbaryo,

pambabanta, paniniktik at ilegal na kondukta ng sensus at survey, nagpapalaganap ang 9th IDPA at JTFB ng mga orkestradong engkwentro upang pagtakpan ang kanilang mga pasistang krimen.

Nitong Agosto 13, sa gitna umano ng isang engkwentro, binomba mula sa ere at pinaulanan ng bala ng isang kumpanya ng 83rd IBPA ang isang lugar na malapit sa komunidad ng Brgy. Lidong, Caramoan na nagresulta sa sapilitang paglikas at pagkagambala ng humigit-kumulang 200 pamilya. Dagdag pa rito ang humigit-kumulang 30 pamilya sa kalapit na Sityo Kamansi sa Brgy Toytoy, Garchitorena. Wala ang yunit ng NPA sa naturang lugar na tinarget ng anim na bomba at machine gun ng dalawang combat helicopter.

Sa kalunsuran, pinatindi ang red-tagging at pagtugis sa mga lider masa at kasapi ng mga progresibo at makabayang organisasyon. Matapos ang isang araw mula nang paslangin sina Hubilla at Bagasala sa Sorsogon, pinatay din ng mga elemento ng death squad ng 9th IDPA si Nephtali Morada, dating Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) Regional Campaign Coordinator, habang lulan ng motorsiklo sa Naga City. Isang buwan lamang matapos nito, idinawit sa isa umanong labanan sa Payak, Bato at sinampahan ng gawa-gawang kaso ang pitong aktibista kabilang ang isang senior citizen. Ang naturang labanan ay isang misengkwentro sa pagitan ng mga pwersa ng Police Mobile Force Camarines Sur at 83rd IBPA.

Dapat manindigan ang masang Bikolano laban sa kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte. Ang pinakabulnerableng biktima sa pinakamasasahol na atake ng rehimen ay ang sibilyang populasyon. Ginagamit ng rehimeng US-Duterte ang kampanyang kontra-insurhensya upang iwasiwas ang isa sa mga pinakamatitinding kampanyang panunupil laban sa mamamayan sa kasaysayan ng bansa. Sa pamamagitan ng pag-apula sa makabayang diwa ng masang inaapi at pinagsasamantalahan at pagpapairal ng de-facto Batas Militar, tinatanggal ng pangkating Duterte ang lahat ng hadlang para sa pagbabago ng Konstitusyon at lubusang panghihimasok ng

imperyalistang US sa ekonomya, pulitika at militar ng Pilipinas. Dapat ubos-kayang biguin ng masang Bikolano ang pagpapatupad ng Oplan Kapanatagan, MO 32 at EO 70 sa rehiyon. Dapat magpunyagi sa tuluyang pagpapabagsak sa taksil, papet, pasista at teroristang rehimeng US-Duterte!

Labanan ang RTF-ELCAC! Biguin ang MO 32 at EO 70!

Ibagsak ang Papet at Pasistang Rehimeng US-Duterte!

Bibiguin ng Masang Bikolano ang RTF

Ka Raymundo Buenfuerza

Tagapagsalita, Romulo Jallores Command-BHB Bikol

Agosto 15, 2019

Hindi kailanman magtatagumpay ang isang gerang kinatatangian ng pagiging marahas, kontra-mamamayan at reaksyunaryo. Ilanmang task force ang buhin at pamunuan ng 9th IDPA, hindi ito magwawagi laban sa makatarungan at makatwirang rebolusyon ng mamamayan. Tiyak na bibiguin ng masang Bikolano, katuwang ang rebolusyonaryong kilusan, ang bubuhing Regional Task Force at kakambal nitong pang-aatake sa mamamayan. Sa kabila ng kanilang mga pinalalabas na pahayag, nananatili at mananatiling bigo ang 9th IDPA at ang buong Joint Task Force Bicolandia sa pagpapahupa sa armadong pakikibaka ng masang Bikolano.

Mula nang tuldukan ng rehimeng US-Duterte ang usapang pangkapayapaan noong 2017 at tahasang iwasiwas ang pasista at kontra-mamamayang gera sa ilalim ng Oplan Kapayapaan at Kapanatagan, umabot na sa isang batalyon ng kaaway ang napinsala ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa rehiyon. Samantala, nakasamsam ang Pulang Hukbo ng sapat na armas upang sandatahan ang hindi bababa sa isang kumpanya ng BHB. Kahit sa pinatinding koordinasyon ng militar at pulis mula nang mabuo ang JTFB noong Hunyo 11, 2018, nagtamo pa rin ang kanilang hanay ng hindi bababa sa isang kumpanyang kaswalti. Mula Marso hanggang Hulyo ngayong taon, naitala ang 59 na kaswalti sa hanay ng militar, pulis at mga ahente nito.

Kung may lumaki man sa datos ng 9th IDPA at JTFB, iyon ay ang bilang ng kanilang krimen laban sa

mamamayan at mga orkestradong labanan. Ngayong taon, idinulot ng kanilang desperasyon na lumikha ng ilusyon ng tagumpay ang siyam na pekeng engkwentro. Kabilang dito ang isang misengkwentro sa pagitan ng yunit ng 83rd IBPA at Police Mobile Force Camarines Sur. Kinaugalian na ng 9th IDPA na gawing panabing ang palabas na mga engkwentro sa tuwing dadahasin ang masa. Isa sa mga tampok na kaso nito ang pagpatay sa mag-asawang Herminio, 69 taong gulang, at Soledad Aragdon, 60 taong gulang, sa Caramoan noong Setyembre 11, 2018. Buong kawalanghiyaang pinalabas ng 9th IDPA na mga kasapi ng BHB ang dalawang senior citizen at namatay umano sa gitna ng isang sagupaan.

Sa harap ng malaganap na teroristang atake at panunupil sa mamamayan, higit pang napapanday ang kapasyahan ng masang api at pinagsasamantalahan na tahakin ang landas ng armadong pakikibaka at taas-noong ipaglaban ang kanilang kalayaan mula sa kamay ng imperyalismo at lokal na naghaharing-uri. Ito ang aral na hindi matutunan ng mersenaryong hukbo sa kabila ng paulit-ulit na pagkabigo sa kasaysayan.

Hanggat binubusabos ng reaksyunaryong pwersa ang sambayanan at hanggat pasismo ang tugon ng kaaway sa makatwirang paglaban ng mamamayan, hindi titigil ang Pulang Hukbo at ang buong rebolusyonaryong pwersa sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Pagbabalik ng Batas Anti-Subersyon, Pinatinding Panunupil at Panunugis sa Mamamayang Pilipino

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Agosto 22, 2019

Nagkukumahog si Duterte para sa katuparan ng pasistang diktadura. Upang tuluyang busalan ang mamamayan, ipinapanukala ang muling pagsasabisa ng Batas Anti-Subersyon. Ipinagbabawal nito ang anumang porma ng pagtuligsa at paglaban sa gubyrno – armado man o hindi. Binibigyang ligalidad ng Batas Anti-Subersyon ang malawakang paglabag ng rehimeng US-Duterte sa karapatan sa malayang pamamahayag, pananalita, pag-oorganisa at pagiging bahagi ng organisasyon at pagkilos. Yinuyurakan nito ang karapatan ng mamamayang lumaban, pabagsakin at panagutin ang isang marahas at mapanupil na rehimen.

Sa Kongreso, nakaamba rin ang pagpasa ng pinatinding batas kontra-terorismo at pagbabalik ng parusang kamatayan. Ginagamit na sangkalan ni Duterte ang papalakas na paglaban ng mamamayan, mula kanayunan hanggang kalunsuran, upang makapagpatupad ng mga kontra-mamamayang batas at direktiba. Ginagawang institusyon ng rehimen ang terorismo at pasismo ng estado upang pilayin ang diwang mapanlaban at makabayang ng mamamayan.

Hindi na lang ito todo gera ng rehimeng US-Duterte laban sa CPP-NPA-NDF at sa lahat ng may makabayang paninindigan. Ito ay nag-uulol na gera ng rehimeng US-Duterte, laban sa mamamayang Pilipino para ipagtanggol ang interes ng kanyang mga imperyalistang amo. Sa pagturing na terorismo ang lahat ng porma ng paglaban, pinawawalang-saysay ng rehimen ang mga lehitimong kahingian ng mamamayan – ang tunay na reporma sa lupa, nakabubuhay na sahod, librengh edukasyon,

katarungan para sa mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang, pagpapanagot sa mga nangurakot at marami pang iba.

Ginamit ng rehimeng US-Garcia ang Batas Anti-Subersyon para isa-iligal ang CPP at HUKBALAHAP— mga bayaning humarap sa pananakop ng Hapon. Upang makabig ang suporta ng mamamayan matapos ang diktaduryang Marcos, pinawalang-bisa ni Cory Aquino ang batas na ito.

Inaakala ba ng rehimen na pikit-matang luluhod ang kasalukuyang henerasyon sa pagsalaula ng kanilang karapatan at pagsasawalang saysay ng ipinaglaban ng kanilang mga ninuno? Kung iligal para sa mamamayan ang pakikibaka para sa buhay, kabuhayan at karapatan, bakit hindi nila pakikinggan ang panawagan ng pagpapatuloy ng makatarungang digma laban sa estadong mapagsamantala at mapanupil?

Mahigpit na nakikiisa ang NDF-Bikol sa mamamayang Pilipino sa paglaban sa muling pagsasabisa ng Batas Anti-Subersyon at mga iba pang kontra-mamamayang batas. Papaigtingin ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang paglaban sa pasistang diktadura at pagpapabagsak ng bulok na estado upang matugunan ang pangarap ng bawat Pilipino na isang masagana't makatarungang lipunan.

Labanan ang Batas Anti-Subersyon!
Ibagsak ang rehimeng US-Duterte!
Ipagptuloy ang makatarungang digma!

P300 milyong pondo para sa kaunlaran, hindi sapat para maikubli ang pasista at teroristang mukha ng RTF-ELCAC

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Agosto 29, 2019

Iwasibas man ni DICT Sec. Gringo Honasan ang P300 milyong pondo para sa mga proyektong sosyo-ekonomiko, hindi nito maikukubli ang pasista't teroristang katangian ng Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF- ELCAC). Walang katumbas na anumang halaga ang karapatang sibil at soberanya ng mamamayan at hindi kailanman ito isusuko ng mamamayang Bikolano sa pasista at teroristang rehimeng US- Duterte.

Sa pormal na pagbubuo ng RTF-ELCAC noong Agosto 19-20 sa Legaspi City, Albay, buong paghahambog na ilinatag ni Honasan, isa sa mga Cabinet Officer for Regional Development (CORD) sa Bikol, na maayos na pamamahala, pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan, pagkain, damit at pabahay ang solusyon sa insurhensya sa rehiyon. Totoo, mga bagay na matagal nan--g inaasam ng mamamayan. Marapat bang hingiin sa mamamayan ang pagpapasalamat at pagtalikod sa iba pa niyang karapatan upang matamasa ang mga batayang serbisyong nararapat nilang natatanggap?

Hindi ba't responsibilidad ng estado na matapat na pangasiwaan ang kabang bayan—ang katas ng pagod at hirap ng mamamayan? Ngunit anong sosyo-ekonomikong pag-unlad ang ihahatid ng pondong di nga sasapat na bigyan ng isang kilong bigas ang bawat isa sa mahigit limang milyong residente ng Bikol? Anong magagawa ng ilang banig ng gamot sa sakit ng katawan, operasyon tuli at gupit at libreng pasayaw sa gitna ng hambalos ng Rice Tariffication Law at TRAIN Law?

Sa pagbubuo ng RTF-ELCAC, gagamitin ng rehimen ang buong sibilyang burukrasya at kabang bayan

upang itulak at pondohan isang todo gerang ang mamamayan ang target. Sinalubong ng 83rd IB at Philippine Air Force (PAF) ang pagbubuo nito ng walang habas na pambubomba at pagpapaputok sa Brgy. Lidong, Caramoan, Camarines Sur. Tinutugis at pinapaslang ang mga tunay na nagtatanggol at lumalaban para sa interes ng mamamayan. Walang humpay na hinaharas, pinagbabantaan at binabansagang terorista ang mga kasapi ng makabayan at progresibong organisasyon. Lahat ng porma ng paglaban at pagpapahayag ng lehitimong kahingian ay itinuturing na krimen.

Sa likod ng mabubulaklak na salita at mababangong pangako ni Honasan ay ang tunay na mukha ng RTF-ELCAC – kalipunanan ng mga korap na sepulturero. Daig pa sa pinagsamang bagyo at pagputok ng bulkan ang inaasahang salanta na ihahatid ng RTF-ELCAC sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Bikolano.

Mulat ang mamamayang Pilipino na ang pag-ahon mula sa kahirapan ay makakamit lamang sa pagpapabagsak ng bulok at mapang-aping sistemang iniiralan at prinuprotektahan ng RTF-ELCAC. Mahigpit na nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Pilipino, laluna sa masang Bikolano, na salubungin ng matinding paglaban ang RTF-ELCAC at lahat ng hakbangin nito upang lupigin ang pakikibaka ng mamamayan. Walang suhol o limos ang makaaapula sa makatarungan at makatwirang paglaban ng sambayanan.

Biguin ang MO32 at EO70!
Labanan ang RTF-ELCAC!
Ibagsak ang rehimeng US-Duterte!